ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 9| Issue: 8| August 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188

# ENRICHED VOCABULARY-VIDEO LESSONS OF LITERARY WORKS AND VOCABULARY EXPANSION

## PINAGYAMANG BOKABULARYO-*VIDEO LESSON* NG MGA AKDANG PAMPANITIKAN AT PAGPAPALAWAK NG TALASALITAAN

**Lourine E. Guinto[1], Imelda G. Carada, PhD.[2]**
Luis Palad Integrated High School[1]
Laguna State Polytechnic University[2]

**ABSTRACT**

***Expanding vocabulary is important to fully develop students' learning because lacking vocabulary skills can be a significant barrier to understanding a literary work. As a result, the researcher conducted a study on Enriched Vocabulary-Video Lessons of Literary Works and Vocabulary Expansion. The researcher used a descriptive-experimental study to assist the students in the ninth grade from Luis Palad Integrated High School, with a total of forty-five (45) participants. After gathering and analyzing the data, the following outcomes were recorded regarding the respondents' level of acceptance towards the enriched vocabulary-video lessons of literary works based on content and screen display (text) deemed Acceptable. The results also showed a highly acceptable level of acceptance among the respondents regarding the script development, visual presentation (non-text), and audio/sound effects of the enriched vocabulary-video lessons of literary works. On the other hand, there was a significant difference in the respondents' scores in vocabulary expansion before and after using the enriched vocabulary video lessons as teaching materials, indicating the effectiveness of the materials. Overall, the study reveals that the use of enriched vocabulary-video lessons has a significant correlation in helping students easily comprehend the deep and figurative words in each literary work being discussed. It is recommended to utilize enriched vocabulary-video lessons in teaching literary works to enhance further and enrich students' vocabulary expansion.***

**ABSTRAK**

Mahalaga ang pagpapalawak ng talasalitaan upang lubusang malinang ng mga mag-aaral ang pagkatuto sapagkat malaking sagabal ang kakulangan ng kasanayan pagpapalawak ng talasalitaan na maaaring maging hadlang sa pag-unawa ng isang akda. Bunsod nito, ang mananaliksik ay nagsagawa ng pag-aaral tungkol sa Pinagyamang Bokabularyo-*Video Lesson* ng mga Akdang Pampanitikan at Pagpapalawak ng Talasalitaan. Ang mananaliksik ay gumamit ng *descriptive-experimental* na pag-aaral upang matulungan ang mga mag-aaral na nasa ikasiyam na baitang mula sa Luis Palad Integrated High School na may kabuuang bilang na apatnapu't lima (45). Matapos malikom at masuri ang mga datos, ang mga sumusunod na kinalabasan ay naitala na sa antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa pinagyamang bokabularyo-*video lesson* ng mga akdang pampanitikan batay sa nilalaman at *screen display (text)* ay Katanggap-tanggap. Lubos na katanggap-tanggap naman ang resultang lumabas sa antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa pagkakabuo ng iskrip, *visual presentation (non-text)* at *audio/sound effects* ng pinagyamang bokabularyo- *video lesson* ng mga akdang pampanitikan. Samantalang may makabuluhang pagkakaiba naman ang iskor ng mga tagasagot sa pagpapalawak ng talasalitaan bago at pagkatapos gamitin ang pinagyamang bokabularyo- *Video Lesson* kagamitan sa pagtuturo na nangangahulugan na naging mabisa ang kagamitan. Sa kabuuan ng pag-aaral makikita na ang paggamit ng pinagyamang bokabularyo- *Video Lesson* ay may mahalagang kaugnayan na siyang nakatutulong upang maging madali ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga malalalim at matatalinghagang salita sa bawat akdang pampanitikan na tatalakayin. Iminumungkahi ang paggamit ng pinagyamang bokabularyo- *Video Lesson* ng mga akdang pampanitikan upang mas mapaunlad at mapayaman ang pagpapalawak ng talasalitaan ng mga mag-aaral.

**Susing Salita**: *Pinagyamang Bokabularyo, Video Lesson, Akdang Pampanitikan at Pagpapalawak ng Talasalitaan*

## 1. Panimula

Sinasabing walang permanente sa mundo maliban sa pagbabago, habang tumatakbo ang panahon ay nadaragdagan din ang kaalamang maaring matamasa ng tao. Kaakibat ng pagbabagong ito ay ang unti-unting pag-usbong ng mga makabagong kagamitan sa pagtuturo sa tulong ng teknolohiya. Sa panahon ng pandemya sinubok ang kakayahan ng lahat upang malampasan ang kadiliman at takot na bumabalot sa bawat isa subalit hindi kailanman ito magiging hadlang sa pagkatuto at pagkamit ng tagumpay.

Sa usaping pang-edukasyon, hindi humihinto ang mga guro na siyang instrumento sa pagpapayabong nito, walang tigil na pinapanday ang sistema upang patuloy na maging matalas at matibay ang pundasyon sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Patuloy na kumikilos at nagsiskap upang mabigyang liwanag ang mga mag-aaral na nagnanais mapaunlad ang karunungan sa gitna ng dinadanas na pangamba, lalo na sa mga gurong nagtuturo ng Asignaturang Filipino, na siyang instrumento upang mapagtagumpayan ang pagtuturo ng wika at panitikan.

Maraming paraan upang patuloy na pagyabungin ang mga aralin sa wika at panitikan, isa na nga ang paglikha ng *video lessons* bilang kagamitang pampagtuturo na may makukulay na disenyo at nalalapatan ng tunog na tiyak na makapupukaw ng atensyon ng mga mag-aaral. Tiyak na makatutulong ito nang lubusang upang mapalawak ang talasalitaan ng mga mag-aaral. Isa sa suliranin ng mga mag-aaral ay ang paghahawan ng balakid sa pagtuto sa isang akda sapagkat ito ay napapalooban ng malalalim at di-pamilyar na mga salita. Tunay nga namang lubos na masasalamin ang unti-unting pagyakap ng mga guro sa teknolohiya kung kaya't magagamit nila ito nang husto sa pagtuturo. Sinasabing mas nakakapukaw at nakaeenganyo para sa mga mag-aaral ang bagong kagamitang pampagtuturo. Kinakailangang maging bukas sa pagbabago at tanggapin ang makabagong kaparaanan sa pagtuturo lalo't higit kung ito ay makatutulong nang husto upang madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang aralin.

Kasabay nang mabilis na pagtangkilik sa mga nauusong *social media* sa pamamagitan ng paggamit ng *internet*, hindi maikakaila ang mabilis ding pagkawala ng interes ng mga mag-aaral sa tradisyunal na talakayan sa loob ng klase subalit walang makapipigil sa gurong may puso sa pagtuturo at mag-aaral na pursigidong matuto.

Ilan sa kinakakailangang taglayin ng guro ay ang pagiging maparaan at malikhain sa pagtuturo upang mapagtagumpayan ang hamon na matamo ng mga mag-aaral ang karunungang kinakailangan. Hindi biro na makipagkompitensya sa *social media* at paggamit ng makabagong gadyets na madalas ay nagiging sandigan ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral gaya ng pananaliksik sa takdang-aralin o maging sa panonood ng mga paksang tinatalakay sa eskwelahan. Ang pagiging maparaan ng guro ang susi upang malagpasan ang mga kinahaharap na suliranin sa paaralan, hindi nararapat na pigilan ang pagbabagong nagaganap sa larangan ng edukasyon sapagkat ito ay natural na nangyayari bagkus kinakailangan nating sabayan ang daloy ng pagpapabagong ito. Upang maging malikhain ang isang guro, kinakailangan ang pagtuklas sa mga bagay na makakayang gawin at pagtatangka na gawin ang mga bagay na maaaring makatugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Ang kagamitang pampagtuturo ang pangunahing sangkap sa pagtalakay ng aralin, maaari tayong gumamit ng teknolohiya upang maging mas maging interasado at masigla ang mga mag-aaral sa pagtalakay ng aralin.

Malaking hamon ang kinakaharap ng mga guro sa panahon ng modernisasyon ngunit mas malaki ang gampaning kinahaharap sa larangan ng pagtuturo upang matamo ng mga mag-aaral ang lubusang pagkatuto. Sa pamamagitan ng teknolohiya madaling maipapakita o maipapahayag ang karanasan, kasaysayan, pagsubok at tagumpay na napupulot sa mga aralin at patuloy pa sanang maging saksi ito sa mga susunod na henerasyon.

Totoo ngang sa panahon ngayon ay laganap ang pagkahumaling ng mga mag-aaral sa pagggamit ng teknolohiya. Sa larangan ng akademiko, maraming pamamaraan na ginagamit ng mga guro sa pagtuturo upang mas mapadali ito lalo na sa kalagayan sa kasalukuyan. Ang *computer* at *cellphone* ang madalas na ginagamit ng bawat mag-aaral sa pagsasaliksik ng mga aralin na kung saan nagiging instrumento na nila ito sa pagkatuto. Isa na rito ang pagtuturo ng asignaturang Filipino na kung saan hindi maikakaila na mahirap na maunawaan ng bawat mag-aaral ang nilalaman nito.

Sa bagong normal na edukasyon, kailangang bigyang pansin ang interaksyon sa pagitan ng mag-aaral at mga kagamitang pampagtuturo. Sa halip na tradisyunal na kagamitan gaya ng pisara, yeso at manila paper, maaring mas magiging epektibo at kasiya-siya ang talakayan para sa mga mag-aaral kung gagamit ng makabagong kagamitang pampagturo gaya ng *print media, e-komiks, mga videos* ng mga aralin na naglalaman ng mga makukulay na larawan at tunog.

Ang paggamit ng teknolohiya ay isang kaparaanan upang magkaroon ng kamalayan sa kung anong maidudulot nito sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa bilis ng pag-usbong ng mga bagong teknolohiya, ang siya ring dapat bilis ng paglikha ng mga guro ng makabagong kagamitang pampagtuturo upang hindi mapag-iwanan sa pag-unlad ang larangan ng edukasyon. Kung kaya't sa hamon na kinahaharap ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino sa ika-9 na baitang ay ang akdang pamapanitkan Asyano, lalo na kung ito ay isinalin na sa wikang Filipino mula sa orihinal nitong wika sapagkat naglalaman ito ng malalalim na salita, kinakailangang maging malikhain at maparaan sa pagpapayaman ng talasalitaan. Malaking kompetisyon ito sa pagitan ng mga mag-aaral na patuloy na sumasandal sa teknolohiya sa larangan ng edukasyon kung kaya't kinakailangan itong sabayan at lalo pang pagyabungin para makamit ang layunin ng aralin.

Sa makabagong panahon, masasabing ang kalidad ng edukasyon ay patuloy na lumalago dahil sa pagpapaunlad ng kurikulum,

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 9| Issue: 8| August 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188

estratehiya ng mga guro sa pagtuturo at kagamitang pampagtuturo. Kung ang tradisyunal na kagamitang panturo ay pisara, yeso at mga pantulong na biswal, ngayon naman ay malaki na ang bahagi ng teknolohiya gaya ng paggamit ng *video-lesson* upang maging moderno ang pagtuturo ng mga guro. Hindi lingid sa ating kaalaman ang malaking kontribusyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng mga guro at sa pagkatuto ng mga mag-aaral, nang dahil dito ay nababago ang mga pamamaraan sa pag-oorganisa ng mga kagamitan sa pagtuturo at nakaaambag ito nang husto sa larangan ng pagtuturo at pagkatuto.

Kaya, isa sa pinakamabisang paraan upang makasabay sa mga pagbabagong ito ay ang paggamit ng *video lessons* sa pagtuturo ng mga akdang pampatinitkang Asyano gaya pabula, alamat at epiko. Sa tulong ng ganitong materyal, sa makukulay nitong larawan, disenyo at angkop na mga tunog ay maaaring mas mabilis mauunawaan ng mga mag-aaral ang aralin na maaaring mas makatulong sa pagpapayaman ng talasalitaan upang mahawan ang mga balakid sa pagkatuto.

Sa panahong madaling makaimpluwensya ang teknolohiya, kinakailangan ang unti-unting pagyakap at pagtanggap upang tuloy-tuloy at hindi maantala ang pag-unlad ng edukasyon.

### *1.1. Paglalahad ng Suliranin*

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa Pinagyamang Bokabularyo-*Video Lesson* ng mga Akdang Pampanitikan at Pagpapalawak ng Talasalitaan. Ninanais ng mananaliksik na mabigyang kasagutan ang mga sumusunod na katanungan:

1.1.1. Ano ang antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa pinagyamang bokabularyo-*video lesson* ng mga akdang pampanitikan batay sa, nilalaman, pagkakabuo ng Iskrip, screen display (text), visual presentation (non-text), at audio/sound effects?

1.1.2. Ano ang Iskor ng mga tagasagot sa pagpapalawak ng talasalitaan bago at pagkatapos gamitin ang pinagyamang bokabularyo-*video lesson* ng mga akdang pampanitikan, denotatibo, konotatibo, kasingkahulugan, kasalungat, at konstektong gamit sa pahayag?

1.1.3. May makabuluhang kaugnayan ba ang antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa pinagyamang bokabularyo-*video lesson* ng mga akdang pampanitikan sa pagpapalawak ng talasalitaan?

1.1.4. May makabuluhang pagkakaiba ba ang iskor ng mga tagasagot sa pagpapalawak ng talasalitaan bago at pagkatapos gamitin ang pinagyamang bokabularyo-*video lesson* ng mga akdang pampanitikan?

## 2. METODO NG PANANALIKSIK

### *2.1. Disenyo ng Pananaliksik*

Ang pamamaraang deskriptib- eksperimental ang ginamit sa pananaliksik upang mabatid ang antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa paggamit ng pinagyamang bokabularyo-*video lesson* ng mga akdang pampanitikan at pagpapalawak ng talasalitaan ng mag mag-aaral batay sa kanilang nakuhang iskor sa *pre-test* at *post-test* bago at pagkatapos gamitin ang bokabularyo-*video lesson* ng mga akdang pampanitikan. Ito rin ay kinabibilangan ng mga elemento ng interpretasyon, kahulugan, kahalagahan ng bagay na binuo at binigyang ebalwasyon. Sapagkat ayon kay Sison, et.al (2015), ang eksperemental na pananaliksik ay isang disenyong pangangalap ng mga ugnayan ng sanhi at bunga. Ang mga haypotesis na inilahad ay sinusubok sa pamamaraang ito.

Sa panimulang kaalaman ng mga mag-aaral, nagbigay ng paunang pagsusulit ang mananaliksik hinggil ang antas ng pagpapalawak ng talasalitaan batay sa kasingkahulugan, kasalungat, denotatibo, konotatibo at kontekstong gamit sa pahayag sa pamamagitan ng *paper and pencil test* sa tulong ng *zipgarde* bilang sagutang papel. Ginamit ito ng mananaliksik sapagkat ang mga mag-aaral ay kabilang sa *face-to-face classes*.

Mula sa paunang pagsusulit, binigyan ng pagkakataon ng mananaliksik na suriin at basahin ng paulit-ulit ang mga salita na nakapaloob dito. Pagkatapos ay tinalakay ang mga akda at mga talasalitaang nakapaloob dito sa loob ng labindalawang araw batay sa *lesson exemplar* na binuo ng mananaliksik at dumaan muna sa balidasyon. Ang pinagyamang bokabularyo-*video lesson* ng mga akdang pampanitikan ang ginamit ng mananaliksik upang talakaying ang mga aralin. Matapos ito ay muling nagbigay ang mananaliksik ng isang pagsusulit gamit ang talatanungan at *zipgarde* na nagsilbing sagutang papel sa panapos na pagsusulit. Naniniwala ang mananaliksik na ito ang pinakaangkop na dapat gamitin sa isinagawang pananaliksik sapagkat mas madaling kumuha ng mga kinakailangang datos mula sa maraming bilang mga mga tagasagot.

### *2.2. Mga Tagasagot*

Ang tagasagot sa pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral na magmumula sa grade 9 ng Luis Palad Integrated High School ng taong panuruang 2022-2023, napili ng mananaliksik ang mga mag-aaral ng Grade 9 ng Luis Palad sapagkat ito ang paaralan at grado na kanyang pinagtuturuan.

Napili ang mga nasa ikasiyam na baitang mula sa pangkat ng Contentment bilang mga tagasagot upang makuha ang kanilang mga pagtanggap sa paggamit ng pinagyamang bokabularyo-*video lesson* ng mga akdang pampanitikan at pagpapalawak ng talasalitaan, dahil bukod sa ito ang pinagtuturuang grado ng mananaliksik, nais niyang mabatid ang antas ng pagpapalawak ng talasalitaan ng mga mag-aaral. Batay sa naging obserbasyon ng mananaliksik, ang mga kabataan ngayon ay mabilis mabagot sa pagbabasa ng mahabang akda, mas kawili-wili para sa kanila ang makapanood ng mga akdang kinapapalooban ng mga larawan at tunog kaya ninanais ng mananaliksik na alamin kung magiging epektibo ba ang paggamit ng pinagyamang bokabularyo-*video lesson* ng mga akdang pampanitikan sa pagpapalawak ng talasalitaan. Ang mga akdang napili ng mananaliksik ay ang pabula, alamat at epiko na kung babasahin ay nangangailangan ng matiyagang pagbabasa upang maunawaan ang mga aralin.

ISSN (Online): 2455-3662
**EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal**
**Volume: 9| Issue: 8| August 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188**

Ang nasabing mga mag-aaral na mula Grade 9 ay may kabuuan na 27 na pangkat at sa pamamagitan ng *Purposive Sampling*, ang mananaliksik ay pumili ng isang pangkat na may apatnapu't limang (45) mga mag-aaral mula sa pangkat ng *heterogeneous section* na siyang magsisilbing mga tagasagot.

*2.3. Instrumentasyon ng Pananaliksik*

Hinati sa tatlong (3) talatanungan ang gagawin ng mananaliksik. Ang unang bahagi ay sa pamamagitan ng tseklist hinggil sa antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa paggamit ng pinagyamang bokabularyo-*video lesson* ng mga akdang pampanitikan batay sa nilalaman, pagkakabuo ng iskrip, *screen display (text), visual presentation (non-text)* at *audio o sound effects* na may tigsasampung aytem (10) na may kabuuang limampung aytem (50). Ang ikalawang bahagi ay kinabibilangan ng iskor ng mga tagasagot sa pagpapalawak ng talasalitaan bago gamitin ang pinagyamang bokabularyo-*video lesson* ng mga akdang pampanitikan batay sa denotatibo, konotatibo kasingkahulugan, kasalungat at kontekstong gamit sa pahayag na may tiglalabindalawang aytem (12) na may kabuuang tatlumpung aytem (60). Ang nabibilang na akda ay ang pabula, alamat at epiko. Ang ikatlong bahagi ay kinabibilangan ng iskor ng mga tagasagot sa pagpapalawak ng talasalitaan pagkatapos gamitin ang pinagyamang bokabularyo-*video lesson* ng mga akdang pampanitikan batay sa denotatibo, konotatibo kasingkahulugan, kasalungat at kontekstong gamit sa pahayag na may tiglalabindalawang aytem (12) na may kabuuang tatlumpung aytem (60).

*2.4. Balidasyon ng Pag-aaral*

Upang malaman ang kabisaan ng talatanungang ginamit sa mga akdang nilalaman ng pinagyamang bokabularyo-*video lesson* ng mga akdang pampanitikan, talatanungan ng pauna at panapos na pagsusulit, talaan ng espisipikasyon, *lesson exemplar* na nakabatay sa mga kompetensing nilalayong malinang sa aralin ay ipinasuri ito sa mga taong may kasanayan sa asignaturang Filipino. Pumili rin ang mananaliksik ng balideytors para sa nabuong kagamitan, na bihasa at may kasanayan sa paggamit ng teknolohiyang pang-edukasyon na mula sa ibang paaralan. Pagkatapos nito, sinuri ng mananaliksik ang ginawang balidasyon upang matukoy kung alin ang mga dapat at di-dapat na mga pahayag at mga katanungan. Ang mga tanong na binigyan ng puna ay inirebisa upang mas maging angkop at makapagbigay ng mga kinakailangang datos.

*2.5. Pamamaraan ng Pangangalap ng Datos*

Ang mananaliksik ay gumawa ng talatanungang tseklist na pinasagutan sa grade 9 ng Luis Palad Integrated High School hinggil sa pagtanggap ng mga tagasagot sa paggamit pinagyamang bokabularyo-*video lesson* ng mga akdang pampanitikan. Ang talatanungan at nabuong *video lessons* ay ipinasuri sa mga eksperto at isinaalang-alang ang mga puna at komento nang sa gayon ay maging epektibo ang pangangalap ng datos na kinakailangan sa ginawang pananaliksik. Dumaaan din ito sa *test reliability at pilot testing* upang malaman kung talaga bang epektibo ang nasabing kagamitan. Ang mga mag-aaral na ginamit sa nasabing pagsusulit ay ang mga mag-aaral na hindi kabilang sa aktwal na tagasagot na ginamit ng mananaliksik. Matapos ang pagsasaayos, gumawa ng liham kahilingan mula sa punongguro ng paaralan ang mananaliksik upang maipamahagi at mapasagutan ang nagawang talatanungan. Isinagawa ang pagkuha ng mga datos sa itinakdang panahon/oras na ibinigay sa mananaliksik. Matapos masagutan ang mga pagsusulit at talatanungan, ito'y nilikom ng mananaliksik, isa-isang itinala ang mga iskor at nakuhang sagot at saka nilapatan ng istatistikong pamamaraan sa tulong ng dalubhasa sa istatistika upang masagot ang tiyak na katanungan mula sa pananaliksik na ito. Sinuri ito at binigyan ng kaukulang kahulugan ng mananaliksik batay sa kinalabasan. Ang resulta ay binigyang-interpretasyon ng mananaliksik sa tulong ng kanyang tagapayo at mula rito ay bumuo ng konklusyon at rekomendasyon ng pag-aaral na ihaharap sa lupon ng pasalitang pagsusuri.

*2.6. Pamamaraang Istatistikal*

Ang mga datos na nakalap ay ginamitan ng iba't ibang pamamaraang istatistikal upang mabigyan interpretasyon o paliwanag ang kinalabasan ng isinagawang pag-aaral.

Gumamit ang mananaliksik ng *Mean* at *Standard Deviation* sa pag-alam sa antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa paggamit ng pinagyamang bokabularyo-*video lesson* ng mga akdang pampanitikan. Pagkatapos nito ay gumawa ang mananaliksik ng pamantayan upang mas mataya ang mahalagang baryabol sa bawat indikeytor.

Gumamit din ang mananaliksik ng *frequency and percentage* para sa pagkuha ng iskor ng mga tagasagot sa pagpapayaaman ng talasalitaan bago at pagkatapos gamitin ang pinagyamang bokabularyo-*Video Lesson* ng mga akdang pampanitikan. At 0.05 na lebel ng *significance* para sa pagkuha ng makabuluhang kaugnayan at pagkakaiba ng mga baryabol.

Gumamit ang mananaliksik ng *One Sample T-Test* upang matukoy ang pagkakaiba ng iskor ng mga tagasagot sa pagpapalawak ng talasalitaan bago at pagkatapos gamitin ang pinagyamang bokabularyo-*Video Lesson* ng mga akdang pampanitikan.

Gumamit din ng mananaliksik ang *Pearson r* at 0.05 *level of significance* upang sukatin ang kaugnayan ng antas ng pagtanggap sa paggamit ng pinagyamang bokabularyo-*video lesson* ng mga akdang pampanitikan at iskor ng mga tagasagot sa pagpapalawak ng talasalitaan. Ito rin ang ginamit upang makita ang makabuluhang pagkakaiba ang iskor ng mga tagasagot sa pagpapalawak ng talasalitaan bago at pagkatapos gamitin ang pinagyamang bokabularyo-*video lesson* ng mga akdang pampanitikan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 9| Issue: 8| August 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188

Ang mga datos na nakalap ay ginamit sa iba't ibang pamamaraang istatistikal upang mabigyan ng interpretasyon at pagpapaliwanag para sa kinalabasan ng pag-aaral.

## 3. RESULTA AT DISKUSYON

**Talahanayan 1**

*Antas ng Pagtanggap ng mga Tagasagot sa Pinagyamang Bokabularyo- Video Lesson ng mga Akdang Pampanitikan batay sa Nilalaman*

| Indikeytor | Mean | SD | IV |
|---|---|---|---|
| 1. Natukoy ko ang mga denotatibong kahulugan ng mga salita batay sa napanood na akdang pampanitikan. | 4.71 | 0.46 | LKT |
| 2. Nalaman ko na ang denotatibong pagpapakahulugan ng mga salita ay ang literal na pagpapakahulugan o mula sa diksyunaryo. | 4.56 | 0.62 | LKT |
| 3. Nabigyang-kahulugan ko ang mga salitang ginamit sa akda batay sa konotatibong pagpapakahulugan. | 4.38 | 0.68 | KT |
| 4. Naunawaan ko na ang konotatibong pagpapakahulugan ng mga salita ay nakabatay sa intensyon o pananaw ng gumagamit nito sa pangungusap. | 4.53 | 0.63 | LKT |
| 5. Natukoy ko ang pagkakaiba ng denotatibo at konotatibong pagpapakahulugan ng mga salitang nakapaboob sa akda. | 4.56 | 0.55 | LKT |
| 6. Natukoy ko ang kasingkahulugan ng mga salita batay sa nilalaman ng mga akda pampanitikang aking napanood. | 4.42 | 0.69 | KT |
| 7. Nabigyang-kahulugan ko ang mahihirap na salita mula sa napanood kong akda batay sa kasalungat na kahulugan ng mga ito. | 4.22 | 0.85 | KT |
| 8. May mga bagong salita akong natuklasan mula sa mga akda na dati ay hindi ko alam at hindi ko ginagamit. | 4.51 | 0.55 | LKT |
| 9. Mas madali kong naunawaan ang nilalamanan ng mga akda sapagkat nabigyang-kahulugan ang mahihirap na salitang maaaring makahadlang sa aking pagkatuto. | 4.53 | 0.69 | LKT |
| 10. Magagamit ko ang pagpapakahulugan sa matatalinghagang salita na nakapaloob sa akda upang mas madali kong maunawaan ang iba pang araling tatalakayin sa hinaharap. | 4.51 | 0.69 | LKT |
| **Kabuuan** | **4.49** | **0.27** | **KT** |

Legend N= 4.50-5.00– Lubos na Katanggap-tanggap (LKT), 3.50-4.49– Katanggap-tanggap (KT), 2.50-3.49– Bahagyang Katanggap-tanggap (BKT) 1.50-2.49– Di-Katanggap- tanggap (DKT) 1.00-1.49– Lubos na Di-Katanggap- tanggap (LDKT)

Ipinakikita sa Talahanayan 1 ang antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa pinagyamang bokabularyo- *video lesson* ng mga akdang pampanitikan batay sa nilalaman. Mapapansin ang mga indikeytor na lubos na katanggap-tanggap kung kaya't pinatutunayan lamang nito na umuunlad at napalalawak ang talasalitaan ng mga mag-aaral tulad ng denotatibo, konotatibo, kasingkahulugan, kasalungat at kontekstong gamit sa pahayag sapagkat ang mga ito ay nakapaloob sa pinagyamang bokabularyo- v*ideo lesson* ng mga akdang pampanitikan. Sa kabuuan, ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa pinagyamang bokabularyo- v*ideo lesson* ng mga akdang pampanitikan batay sa nilalaman ay nakakuha ng kabuuang mean score na 4.49 na nangangahulugang katanggap-tanggap. Ibig sabihin lamang nito, na sa pamamagitan ng panonood ng pinagyamang bokabularyo-*video lesson* ng akdang pampanitikan ay napalawak ng mga mag-aaral ang mga talasalitaan sapagkat tiyak na naunawaan at tumatak sa kanilang isipan ang kahulugan ng mga salita na nakapaloob sa mga akdang pinanood.

Nakasalalay sa kaangkupan ng nilalaman ng *video lesson* ang pagkatututo ng mga mag-aaral sa pagpapalawak ng talasalitaan sapagkat ito ang maghahatid ng kaalama upang matamo nila ang pagkatuto. Tumutugma ito sa kinalabasan ng pananaliksik ni de Castro (2015), kung saan nabuo ang konklusyon na lubos na sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa Grado 9 na ang *video teaching* ay panibagong lunsaran sa pagkatututo ng gramatika. Ang *video teaching* bilang kagamitang panturo sa gramatika na batay sa kaangkupan ng material, nilalaman, dating sa manonood at orihinalidad ng presentasyon ay lubos na katanggap-tanggap para sa mga gurong tagasagot at nag-ebalweyt. Ang katanggap-tanggap na nilalaman ay nangangahulugang epektibo kung ang kagamitang panturo ay angkop sa nilalaman ng akda upang maging mabisa at epektibong kasangkapan sa pagtuturo para sa lubos na pang-unawa at pagkatuto ng mga mag-aaral lalo na sa pagpapalawak ng talasalitaan tulad ng denotatibo, konotatibo, kasingkahulugan, kasalungat at kontekstong gamit sa pahayag.

**Talahanayan 2**

*Antas ng Pagtanggap ng mga Tagasagot sa Pinagyamang Bokabularyo- Video Lesson ng mga Akdang Pampanitikan batay sa Pagkakabuo ng Iskrip*

| Indikeytor | Mean | SD | IV |
|---|---|---|---|
| 1. Madali kong naunawaan ang akda sa tulong ng tagapagsalaysay ng akdang aking napanood. | 4.67 | 0.60 | LKT |
| 2. Malinaw ang mga diyalogong binitawan ng mga tauhan sa akda. | 4.53 | 0.55 | LKT |
| 3. Organisado ang mga pangyayari, ideya at konseptong nakapaloob sa akdang aking napanood. | 4.36 | 0.68 | KT |
| 4. Akma ang pagpapalit o pagpasok ng panibagong tagpo sa pangyayari. | 4.29 | 0.66 | KT |
| 5. Malinaw na naipakita sa *video lesson* ang mga tauhan, tagpuan, suliranin, tunggalian at wakas mula sa mga akdang pampanitkan. | 4.84 | 0.47 | LKT |
| 6. Nabigyang pansin at maayos na naipakita ang mahahalagang tagpo mula sa akdang aking napanood. | 4.53 | 0.69 | LKT |
| 7. Naging makabago at kakaiba para sa akin ang kaparaanan ng pagtalakay sa akda gamit ang *video lesson.* | 4.44 | 0.69 | KT |
| 8. Nakatulong nang husto sa akin ang panonood upang mas maunawaan ang daloy ng mga pangyayari sa akda. | 4.53 | 0.66 | LKT |
| 9. Naging angkop ang mga estilo na ginamit upang mabuo ang *video lesson.* | 4.44 | 0.62 | KT |
| 10. Mas madali kong naunawaan ang aralin sapagkat nabigyang-buhay ang mga karakter at pangyayari sa akda. | 4.58 | 0.66 | LKT |
| **Kabuuan** | **4.52** | **0.27** | **LKT** |

Legend N= 4.50-5.00– Lubos na Katanggap-tanggap (LKT), 3.50-4.49– Katanggap-tanggap (KT), 2.50-3.49– Bahagyang Katanggap-tanggap (BKT) 1.50-2.49– Di-Katanggap- tanggap (DKT) 1.00-1.49– Lubos na Di-Katanggap- tanggap (LDKT)

Ipinakikita naman sa Talahanayan 2 ang antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa pinagyamang bokabularyo- *video lesson* ng mga akdang pampanitikan batay sa pagkakabuo ng iskrip. Sa pagkakabuo ng iskrip ay malinaw na naipakita sa *video lesson* ang mga bahagi ng akdang pampanitkan. Sa kabuuang mean na 4.52 ay na may lubos na katanggap-tanggap sa mga mag-aaral ang pagkakabuo ng iskrip ng *video lesson* ng mga akdang pampanitikan. Ibig sabihin, lubos na tinatanggap ng mga mag-aaral na buhat sa *video lesson* na napanood ay malinaw na naipakita ang tauhan, tagpuan at mga bahagi ng pangyayari sa akda gaya ng suliranin, tunggaliaan at wakas. Ipinapakita rin na tinatanggap ng mga mag-aaral ang kaakmaan sa pagpapalit o pagpasok ng panibagong tagpo sa pangyayari. Ito ay lubusang nakatutulong upang maging gabay sa pagtukoy ng mga di-pamilyar na mga salita para sa pag-unawa at pagkatuto ng mga mag-aaral.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 9| Issue: 8| August 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188

Hindi mabubuo ang isang *video lesson* kung wala itong iskrip, dito nakasalalay ang magiging takbo ng mga pangyayari sa kada, akma ito sap ag-aaral ni pag-aaral ni Fronda Jr. (2016) na pinamagatang *Videographics* bilang Suplemental na Kagamitang Panturo ng Noli Me Tangere sa Filipino 9, batay sa kawilihan ng material na ang diyalogong ginagamit ay mabilis at walang hirap na nauunawaan ng mga mag-aaral gayundi ang tagpo o scene sa iskrip ay maayos ang pagkakasunod-sunod ng mga transisyon nito.

**Talahanayan 3**

*Antas ng Pagtanggap ng mga Tagasagot sa Pinagyamang Bokabularyo- Video Lesson ng mga Akdang Pampanitikan batay sa Screen Display (Text)*

| Indikeytor | Mean | SD | IV |
|---|---|---|---|
| 1. Sa tulong ng mga lumalabas na kahulugan ng mga salita mula sa *screen* ay nabigyang-pansin ko ang mga salitang maaaring makasagabal sa aking pag-unawa o pagkatuto sa akda. | 4.38 | 0.68 | KT |
| 2. Mas natandaan ko ang mahahalagang detalye na sapagkat ang mga salitang lumabas sa *screen* ay nagbibigay-diin sa mahahalagang salita na siyang nakatulong sa pagkaunawa ko sa aralin. | 4.31 | 0.76 | KT |
| 3. Akma ang *font size* na ginamit sa *video lesson* kung kaya't hindi ito naging masakit sa mata. | 4.67 | 0.52 | LKT |
| 4. Mabilis kong nababasa ang mga salita sa *screen* sapagkat sakto ang ginamit na *font style* sa mga salitang nakapaloob sa aralin. | 4.47 | 0.76 | KT |
| 5. Kaakit-akit ang kulay na ginamit sa mga salitang ipinakita sa aking napanood kung kaya't lalo akong naging interesadong matapos ang panoorin. | 4.44 | 0.69 | KT |
| 6. May sapat na oras na naka-*flash* ang mga salita upang ito ay aking mabasa nang husto. | 4.18 | 0.72 | KT |
| 7. Sakto at tugma ang mga salitang lumabas kasabay ng mga larawan sa bawat tagpo. | 4.56 | 0.55 | LKT |
| 8. Tama ang pagkakasentro ng mga salita kung kaya't hindi nito natatakpan ang mga larawan. | 4.53 | 0.66 | LKT |
| 9. Hindi nakagambala sa aking atensyon ang mga salitang makikita sa *screen* upang maunawaan ko nang lubusan ang pangyayari sa akda. | 4.60 | 0.69 | LKT |
| 10. Kinagiliwan ko ang mga disenyo ng mga salita sapagkat ito ay nakatatawag-pansin. | 4.29 | 0.69 | KT |
| **Kabuuan** | **4.44** | **0.27** | **KT** |

Legend N= 4.50-5.00– Lubos na Katanggap-tanggap (LKT), 3.50-4.49– Katanggap-tanggap (KT), 2.50-3.49– Bahagyang Katanggap-tanggap (BKT) 1.50-2.49– Di-Katanggap- tanggap (DKT) 1.00-1.49– Lubos na Di-Katanggap- tanggap (LDKT)

Inilalahad naman sa Talahanayan 3 antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa pinagyamang bokabularyo-*video lesson* ng mga akdang pampanitikan batay sa *screen display (text).* Sa kabuuang mean na 4.44 ay nangangahulugan ng katanggap-tanggap sa mga mag-aaral *screen display (text) ng nabuong* Pinagyamang Bokabularyo- *Video Lesson* ng mga Akdang Pampanitikan. Lumabas sa resulta na akma ang *font size* na ginamit sa *video lesson* kung kaya't hindi ito naging masakit sa mata. Mahalaga sa pagbuo ng *video lesson* o materyal na pinanonood na nababasa nang mabuti ang mga text sa screen display upang hindi ito maging masakit sa mata at mahalaga rin na ang font size ng mga text ay akma sa gumagamit ng materyal. Isa rin sa dapat isaalang-alang na may sapat na oras na naka-*flash* ang mga salita upang ito ay mabasa nang husto. Lubos na kinagiliwan ng mga mag-aaral ang mga disenyo ng mga salita sapagkat ito ay nakatatawag-pansin.

Ipinakikita rito na mahalaga sa pagbuo ng *video lesson* ang paglalapat ng angkop na mga kulay, sukat at disenyo ng mga *screen display (text)* upang hindi ito maging masakit sa mata, mas maunawaan ang talasalitaan at mas mawili ang mga mag-aaral na panoorin at gamitin ang mga ito. Tugma rin ito sa kinalabasan ng pag-aaral ni Yada, et al. (2022), Ang *(screen display) text input* sa mga *smart device* na may maliliit na *screen* ay maaaring magkaproblema gaya ng maling *input* dahil sa maliit na sukat ng bawat letra sa *screen.* Upang malutas ang mga problemang ito, ang isang nakaraang pag-aaral ay nanaliksik kung paano mas mapadadali ang pag-*input* ng mga *text* sa pamamagitan lamang ng mata. Isinasagawa ang *input* sa pamamagitan ng mabilis na paglipat ng linya ng paningin pabalik-balik mula sa gitna patungo sa apat na sulok ng *smartphone.* Ang layunin ng pag-aaral na ito ay magmungkahi ng isang mahusay na disenyo ng *screen* para sa pag-input ng teksto gamit ang *interface* ng *input* ng *Eye Glance*. Sa pamamagitan nito, maiiwasan ang madaling input bunsod ng maliit o maling sukat ng *text.* Kung kaya't sa pagbuo ng *video lesson* dapat isaalang-aalang ang sukat, kulay at disenyo ng mga *text* upang hindi ito makasagabal sa atensyon ng mga mag-aaral sa panonood at upang hindi rin ito makahadalang sa pagkaunawa ng aralin ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 4**

*Antas ng Pagtanggap ng mga Tagasagot sa Pinagyamang Bokabularyo- Video Lesson ng mga Akdang Pampanitikan batay sa Visual Presentation (Non-Text)*

| Indikeytor | Mean | SD | IV |
|---|---|---|---|
| 1. Akma ang ilustrasyon ng mga larawan sa bawat tagpo o eksena sa kuwento kaya'y mas naunawaan ko ang daloy ng mga pangayari. | 4.42 | 0.58 | KT |
| 2. Angkop ang mga larawan na ipinakita sa *video-lesson* kung kaya't mas makatotohanan para sa akin ang mga pangyayari. | 4.31 | 0.76 | KT |
| 3. Hindi masakit sa mata ang mga kulay na ginamit sa *background* na makikita sa bawat tagpo ng kuwento. | 4.73 | 0.54 | LKT |
| 4. Ang mga *transitions* na ginamit ay nakapagdaragdag ng interes sa akin upang tunghayan ang mga kasunod na pangyayari sa akda. | 4.42 | 0.62 | KT |
| 5. Ang *video lesson* ay lubos na kaakit-akit para sa akin sapagkat mayroon itong *animation* o paggalaw ng bawat karakter. | 4.62 | 0.49 | LKT |
| 6. Ang mga larawan at disenyo na ginamit dito ay orihinal na likha kung kaya't lubos itong nakaaaliw at nakapupukaw ng pansin sa akin. | 4.38 | 0.58 | KT |
| 7. Mahusay ang pagkakaguhit ng mga larawan sapagkat tama ang laki at liit ng mga ito at naayon ito sa sukat ng mga karakter. | 4.64 | 0.57 | LKT |
| 8. Naging malikhain ang paglalarawan sa tulong ng mga *graphics.* | 4.58 | 0.62 | LKT |
| 9. Buhay na buhay ang mga karakter sapagkat ito ay gumagalaw kung kaya't lubos itong nakaaliw panoorin at hindi nakababagot. | 4.60 | 0.54 | LKT |
| 10. Naging ganap ang pag-intindi ko sa kabuuan ng paksang aralin dahil sa maayos na kalidad ng *video.* | 4.67 | 0.48 | LKT |
| **Kabuuan** | **4.54** | **0.25** | **LKT** |

Legend N= 4.50-5.00– Lubos na Katanggap-tanggap (LKT), 3.50-4.49– Katanggap-tanggap (KT), 2.50-3.49– Bahagyang Katanggap-tanggap (BKT) 1.50-2.49– Di-Katanggap- tanggap (DKT) 1.00-1.49– Lubos na Di-Katanggap- tanggap (LDKT)

Ipinakikita naman sa Talahanayan 4 ang antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa pinagyamang bokabularyo- *video lesson* ng mga akdang pampanitikan batay sa pagkakabuo ng iskrip. Sa kabuuang mean na 4.54, lubos na katanggap-tanggap sa mga mag-aaral ang *visual presentation (non-text) ng* pinagyamang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 9| Issue: 8| August 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188

bokabularyo- *video lesson* ng mga Akdang Pampanitikan. Ipinakikita na ang *visual presentation (non-text)* ay akma kung kaya't naging ganap ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa kabuuan ng paksang aralin dahil sa maayos na kalidad ng *video.* May kaangkupan din ang mga larawan na ipinakita sa *video-lesson* kung kaya't mas makatotohanan para sa mga mag-aaral ang mga pangyayari. Nangangahulugan ito na tinatanggap ng mga mag-aaral ang mga larawan at disenyo na ginamit dito ay orihinal na likha kung kaya't lubos itong nakaaaliw at nakapupukaw ng pansin para sa kanila.

Patunay lamang ito na lubos na nakatutulong sa mga mag-aaral ang makukulay at angkop na mga larawan o *visual presentation* na makikita sa *video lesson* upang lubos na maunawaan ang kahulugan ng mga salita. Ito rin ang kinalabasan ng pananaliksik ni Ortiz (2014), naging kawili-wili sa mga tagasagot na mag-aaral sa grado 8 mula sa PSL ang pag-aaaral ng epiko na ginamitan ng *video*. Katanggap-tanggap sa mga gurong nag-ebalweyt ng *video* ang kagamitang pampagtuturo batay sa kinawilihan ng material at orihinalidad at presentasyon, kalinawan at pagkakabuo ng material at kawilihan sa manonood. Kawili-wili para sa mga tagasagot na mag-aaral ng Grado 8, ang pag-aaral ng epiko na ginagamitan ng *video*. Kinakailangan ding hikayatin ang mga guro at ang mga susunod na mananaliksik sa paggamit o pagbuo ng *video* bilang kagamitang panturo upang maakatulong sa pagpukas ng kanilang kawilihan at atensyon sa pag-aaral. Maaaring bumuo ng *video* bilang kagamitang pampagtuturo sa iba pang genre ng pantikan o aralin. Nakasalalay sa *visual presentation* ang lubos na pagkaunawa ng mga mag-aaral sa bawat akda sapagkat makikita dito ang kaangkupan ng itsura ng mga karakter at tagpuan batay sa bansang pinaghanguan ng akda. Maaari din kagiliwan ang mga *transitions* at disenyo ng *video* upang hindi agad mabagot ang mga mag-aaral.

**Talahanayan 5**

*Antas ng Pagtanggap ng mga Tagasagot sa Pinagyamang Bokabularyo- Video Lesson ng mga Akdang Pampanitikan batay sa Audio/Sound Effects*

| Indikeytor | Mean | SD | IV |
|---|---|---|---|
| 1. May tamang lakas ang *audio* at hindi ito basag sa pandinig kung kaya't lubusang naunawaan ang mga akdang pampanitikang nakapaloob dito. | 4.67 | 0.60 | LKT |
| 2. Ang tunog ay may varyasyon batay sa karakter ng mga tauhang aking nakita sa akda. | 4.58 | 0.58 | LKT |
| 3. Ang tagapagsalay ng kabuuang daloy ng mga pangyayari sa akda ay may angkop na timbre at lapat ng boses. | 4.47 | 0.66 | KT |
| 4. Naging makatotohanan sa akin ang mga karakter sapagkat akma ang inilapat na boses. | 4.58 | 0.54 | LKT |
| 5. Nasa tiyempo ang bawat pagbibitaw ng diyalogo ng tagapagsalaysay ng mga pangyayari sa akda. | 4.58 | 0.58 | LKT |
| 6. Malinaw at angkop ang pagkakalapat ng *sound effects* sa bawat tagpo o pangyayari. | 4.73 | 0.54 | LKT |
| 7. Naging kapukaw-pukaw sa aking interes ang mga pangyayari sa akda sapagkat nabigyang buhay ito dahil sa mga boses na inilapat sa mga karakter. | 4.47 | 0.66 | KT |
| 8. Mas naunawaan ko ang daloy ng panyayari sapagkat tama ang bigkas at diin ng mga salitang binitawan ng tagapagsalaysay. | 4.64 | 0.48 | LKT |
| 9. Naging kaengga-engganyo sa akin panonod ng mga akdang pampanitkang Asyano dahil sa mga tunog na inilapat dito. | 4.36 | 0.77 | KT |
| 10. Sapat ang hina at lakas ng *background music* kung kaya't hindi ito nakasasagabal sa pakikinig ko sa tagapagsalaysay. | 4.78 | 0.42 | LKT |
| **Kabuuan** | **4.58** | **0.28** | **LKT** |

Legend N= 4.50-5.00– Lubos na Katanggap-tanggap (LKT), 3.50-4.49– Katanggap-tanggap (KT), 2.50-3.49– Bahagyang Katanggap-tanggap (BKT) 1.50-2.49– Di-Katanggap- tanggap (DKT) 1.00-1.49– Lubos na Di-Katanggap- tanggap (LDKT)

Inilalahad naman sa Talahanayan 5 antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa pinagyamang bokabularyo- *video lesson* ng mga akdang pampanitikan batay sa *audio/sound effects.* Makikita sa talahanayan na karamihan ng indikeytor ay nakakuha ng mataas na mean score at nangangahulugan ng lubos na pagtanggap sa halos lahat ng pahayag maliban sa tatlong indikeytor. Para sa mga mag-aaral na naging kaengga-engganyo sa kanila ang panonod ng mga akdang pampanitkang Asyano dahil sa mga tunog na inilapat dito. Sa kabuuang mean na 4.58 ay nangangahulugan ng lubos na katanggap-tanggap ng mga mag-aaral ang *audio/sound effects ng* pinagyamang bokabularyo- *video lesson* ng mga Akdang Pampanitikan sa pagpapalawak ng talasalitaan. Sapagkat sapat ang hina at lakas ng *background music* kung kaya't hindi ito nakasasagabal sa pakikinig ng mga mag-aaral sa tagapagsalaysay. Mahalaga sa pagbuo ng *video lesson* o materyal na akma ang tunog sapagkat malaki ang epekto nito sa pakikinig ng mga mag-aaral upang lubos na maunawaan ang aralin. Ang tagapagsalay ng kabuuang daloy ng mga pangyayari sa akda ay may angkop na timbre at lapat ng boses at naging kapukaw-pukaw sa kanilang interes ang mga pangyayari sa akda sapagkat nabigyang buhay ito dahil sa mga boses na inilapat sa mga karakter. Ipinakikita rito na mahalaga sa pagbuo ng *video lesson* ang kaangkupan ng tunog, lakas at hina ng musika gayundun ang boses ng tagapagsalaysay upang mas mawiling manood at making ang mga mag-aaral sa *video lesson.*

Pinatutunayan lamang nito na ang lahat ng nilalalaman ng *video lesson* ay lubos na makabuluhan at mahalaga para sa pag-unawa at pagkatuto ng mga mag-aaral lalo na sa pagpapalawak ng talasalitaan. Umakma rin ito sa kinalabasan ng pag-aaral nina Payoyo at Ocume (2022), nakakuha ng pangkabuang mean na lubos na katanggap-tanggap ang lahat ng katangiang taglay ng isang *video lesson,* mula sa layunin, nilalaman, presentasyon, organisasyon at pagsasanay. Nangangahulugan na ang mga salik sa pagbuo sa *video lesson* ay mahalaga sa pagkatuto ng mga mag-aaral lalo samakabagong dulog sa pagtuturo sa panahon ng pandemya. Pinakamahalagang salik sa mga mungkahing lalamanin ng *video lesson* ay ang paggamit ng malinaw na *audio* o boses ng guro upang maunawaan ang mga panuto o ma impormasyon na tinatalakay sa aralin. Isa rin sa pinakamahalagang salik sa mga mungkahing lalamanin ng *video lesson* ay kung nakikita ng mga mag-aaral ang guro na nagpapaliwanag sa loob ng *video lessons* kahit ito ay *recorded* o *in-time* at ang pagkakaroon ng maayos na disenyo sa *screen* ng *video lessons* ay mas nakakaakit pagmasdan at hindi masakit sa mata ng mga mag-aaral. Ngunit ang sampung katangian sa mga mungkahi ay nakakuha ng mean na lubos na katanggap-tanggap. Isang patunay na ang ma salk na ito ay mabigyan ng pansin sa

pagbuo ng *video lesson* upang lubos na matuto ang mga mag-aaral.

**Talahanayan 6**

*Pagpapalawak ng Talasalitaan ng mga Tagasagot Batay sa Denotatibo*

| Iskor | Pauna | | Panapos | | VI |
|---|---|---|---|---|---|
| | F | % | f | % | |
| 10-12 | - | - | 37 | 82.2 | Napakahusay |
| 7-9 | 11 | 24.4 | 8 | 17.8 | Mahusay |
| 4-6 | 27 | 60.0 | - | - | Di-Gaanong Mahusay |
| 0-3 | 7 | 15.6 | - | - | Di Mahusay |
| **Kabuuan** | **45** | **100.0** | **45** | **100.0** | |

Ipinakikita sa Talahanayan 6 ang iskor ng mga tagasagot sa pagpapalawak ng talasalitaan bago at pagkatapos gamitin ang pinagyamang bokabularyo-*video lesson* ng mga akdang pampanitikan batay sa denotatibo. Mula sa kabuuang limampung (50) tagasagot ay iilan lang sa kanila ang mahusay na sa pagpapalawak ng talasalitaan batay sa denotatibong pagpapakahulugan ng mga salita ayon sa kanilang paunang pagsusulit o *pre-test*. Mahusay sila dahil sa nangangahulugan ito na batid nila kung alin sa mga salita ang may denotatibong kahulugan ng mga salita. Samantalang mas marami ang bilang ng mag-aaral na di-gaanong mahusay na pagpapalawak ng talasalitaan sa denotatibong pagpapakahulugan ng mga salita dahil nakakuha sila ng di-gaanong kataasang iskor sa pagsusulit. Makikita rin na may nakakuha ng pinakamababang iskor sa mag-aaral na nangangahulugang sila ay di- mahusay sa pagpapalawak ng talasalitaan batay sa denotatibong pagpapakahulugan dahil sa mababang iskor na nakuha sa pagsusulit. Lumalabas na hindi pa mataas ang kanilang kasanayan sa denotatibong pagpapakahulugan ng mga salita kung kaya't kinakailangan pa ang pagsasanay at pagtuklas sa pagpapakahulugang denotatibo. Sa kanila namang *post-test* ay mapapansin na may 37 tagasagot ang nakakuha ng pinakamataas na iskor, nangangahulugang nagkaraoon ng napakahusay na pagpapalawak ng talasalitaan batay sa pagpapakahulugang denotatibo ng mga salita dahil sa tumaas ang nakuhang iskor ng mga mag-aaral sa panapos na pagsusulit kumpara sa paunang pagsusulit pagkatapos gamitin ang *video lesson.* Makikita rin na tumaas din ang bilang ng may mahusay na pagpapalawak ng talasalitaan. Bahagyang mataas din ang nakuhang iskor kaya naikategorya sila sa mahusay na antas. Mapapansin rin na walang nakakuha ng mababa at napakababang iskor. Nagpapatunay ito na karamihan sa mga mag-aaral ay may mataas nang pagpapalawak sa talasalitaan batay sa denotatibong pagpapakahulugan ng mga salita at mapapansing mas tumaas pa ang bilang nito pagkatapos nilang gamitin pinagyamang bokabularyo- *video lesson* ng mga akdang pampanitkan na makikita sa resulta ng kanilang panapos na pagsusulit.

Tumutugma ito sa kinalabasan ng pag-aaral ni Gilo (2018), kung saan ang kagamitang pampagtuturo ay nakatutulong upang mahasa ang kasanayan sa paglinang ng talasalitaan ng mga mag-aaaral, lalo na sa denotatibo at konotatibong pagpapakahulugan ng mga salita sa Asignaturang Science, TLE at Mathematics. Lumabas sa pananaliksik na mayroong pag-unlad sa kasanayan sa talasalitaan ng mga mag-aaral matapos gamitin ang Content-Based Module bilang kagamitang pampagtuturo. Gayundin sa paggamit ng makabagong kagamitang pampagtuturo gaya ng *video lesson* kung saan maaaring balik-balikan ng mga mag-aaral ang salitang nais nilang malaman ang kahulugan lalo na denotatibo at konotatibong pagpapakahulugan nang sa gayon ay hindi ito maging hadlang sa pagkatuto ng aralin.

**Talahanayan 7**

*Pagpapalawak ng Talasalitaan ng mga Tagasagot Batay sa Konotatibo*

| Iskor | Pauna | | Panapos | | VI |
|---|---|---|---|---|---|
| | f | % | f | % | |
| 10-12 | 3 | 6.7 | 24 | 53.3 | Napakahusay |
| 7-9 | 23 | 51.1 | 18 | 40.0 | Mahusay |
| 4-6 | 16 | 35.6 | 3 | 6.7 | Di-Gaanong Mahusay |
| 0-3 | 3 | 6.7 | - | - | Di Mahusay |
| **Kabuuan** | **45** | **100.0** | **45** | **100.0** | |

Ipinakikita sa Talahanayan 7 ang iskor ng mga tagasagot sa pagpapalawak ng talasalitaan bago at pagkatapos gamitin ang pinagyamang bokabularyo-*video lesson* ng mga akdang pampanitikan batay sa konotatibo. Ibinatay ang resulta mula sa iskor na kanilang nakuha mula sa pauna at panapos na pagsusulit at pagkatapos ay nilapatan ng kaukulang interpretasyon. Mula sa resulta, may tatlo lamang na mag-aaral ang nakakuha ng pinakamataas na iskor sa paunang pagsusulit o *pre-test*. Ito ay nangangahulugang iilan pa lamang ang may napakahusay sa konotatinong pagpapakahulugan. Napakahusay nila dahil batid nila ang pagpapakahulugan ng mga salita batay sa pansariling kahulugan kung saan nakabatay sa paggamit ng indibidwal kung papaano niya lalaruin ang salitang kanyang nalalaman. Samantalang karamihan sa mga tagasagot ay mahusay na sa pagpapakahulugang konotatibo, nangangahulugan itong may kaalaman na ang mga mag-aaral sa pagpapakahulugan batay sa sariling pagkakagamit ng mga salita. Marami pa rin ang di-gaanong mahusay, makikita na mababa ang iskor na nakuha ng mga mag-aaral sapagkat hindi pa sapat ang kanilang kaalaman sa konotatibong pagpapakahulugan ng mga salita. Kapansin-pansin naman na may tatlong tagasagot ang nakakuha ng pinakamababang iskor nangangahulugan na mayroong mag-aaral pa ang hindi nakakaunawa sa aralin. Ang mga nasabing mag-aaral ay nangangailangan pang linangin ang kasanayan sa pag-unawa sa pagpapakahulugan ng mga salita batay sa pansariling kahulugan. Sa kanila namang *post-test* ay mapapansin na tumaas sa bilang na 24 na mga tagasagot ang nakakuha ng iskor na 10-12 na may 53.3 bahagdan na nangangahulugang may napakahusay na pagpapalawak ng talasalitaan batay sa konotatibong pagpapakahulugan. Marami rin ang may mahusay sa pagpapalawak ng talasalitaan batay pa rin konotatibong kahulugan dahil nakakuha sila ng bahagyang mataas na iskor sa pagsusulitMapapansin naman na walang nakakuha ng napakababang iskor sa kanilang pauna at panapos na pagsusulit. Makikita na mas tumaas ang bilang ng mga tagasagot na may napakusay at mahusay na pagpapalawak ng talasalitaan batay sa

konotatibong pagpapakahulugan ng mga salita pagkatapos nilang gamitin ang pinagyamang bokabularyo- *video lesson* ng mga akdang pampanitikan na makikita sa resulta ng kanilang panapos na pagsusulit.

Ang pagbibigay kahulugan ng salita batay sa konotatibo ay ayon sa interpretasyong ng gumagamit nito kung kaya magkakaraaon ito ng iba't ibang kahulugan. Sang-ayon ito kay Olimovna (2021), tinalakay niya na ang pagpapakahulugang denotatibo at konotatibo ng mga salita ay nakadepende sa kung papaano ito ilalagay o gagamitin sa istruktura ng pangungusap na kabibilangan nito. Ang kahulugan ng salita ay nakabatay sa kung paano ito binigyang interpretasyon ayon sa pagkakasulat nito. Nararapat lamang na ang mambabasa ay marunong kumilatis, sumiyasat at mag-analisa ng mga salita upang maging tiyak sa pagpapakahulugan ng pahayag sapagkat sa kahulugan ng mga salita na nakasalalay ang pag-unawa sa diwa ng konteksto ng isang babasahin o akda. Masasabing kinakailang bigyang-pansin ang pagpapalawak ng talasalitaan hindi lamang sa kahulugang nakabatay lang sa aklat o diksyunaryo, mahalaga ring maunawaan ang mga kahulugang nakabatay sa gumagamit nito.

**Talahanayan 8**

*Pagpapalawak ng Talasalitaan ng mga Tagasagot Batay sa Kasingkahulugan*

| Iskor | Pauna | | Panapos | | VI |
|---|---|---|---|---|---|
| | f | % | f | % | |
| 10-12 | 11 | 24.4 | 34 | 75.6 | Napakahusay |
| 7-9 | 20 | 44.4 | 8 | 17.8 | Mahusay |
| 4-6 | 12 | 26.7 | 3 | 6.7 | Di-Gaanong Mahusay |
| 0-3 | 2 | 4.4 | - | - | Di Mahusay |
| **Kabuuan** | **45** | **100.0** | **45** | **100.0** | |

Ipinakikita sa Talahanayan 8 ang iskor ng mga tagasagot sa pagpapalawak ng talasalitaan bago at pagkatapos gamitin ang pinagyamang bokabularyo-*video lesson* ng mga akdang pampanitikan batay sa kasingkahulugan. Makikita sa resulta ng kanilang paunang pagsusulit o *pre-test* na hindi karamihan ang nakakuha ng mataas na iskor. Kabilang ang mga tagasagot sa maituturing na napakahusay sa pagpapalawak ng talasalitaan batay sa kasingkahulugan ng mga salita. Napakahusay dahil sa mataas ang kanilang kasanayan sa pag-alam kung ano ang kasingkahulugan ng mga salitang ginamit sa pangungusap. Samantalang may 20 na tagasagot naman ang nakakuha ng katamtamang iskor na nangangahulugang may mahusay silang pagpapalawak ng talasalitaan batay sa kasingkahulugan ng mga salita. At may 12 na tagasagot naman ang nakakuha ng bahagyang mababang iskor, nangangahulugan hindi pa sapat ang kanilang kaalaman sa mga salitang nakapaloob sa akda. Kapuna-puna naman ang dalawang tagasagot na nakakuha ng pinakamamababang iskor, ibig sabihin na nahihirapan pa sila sa pagtukoy ng kasingkahulugan ng mga salita kung kaya't kinakailangan pang mas pagbutihin upang maunawaan ang aralin. Sa kanila namang panapos na pagsusulit ay mapapansin na umakyat sa bilang na 34 tagasagot ang nakakuha ng pinakamataas na mga iskor na nangangahulugang sila ay napakahusay sa pagpapalawak ng talasalitaan batay sa kasingkahulugan ng mga salita. Mayroon naman walong tagasagot ang nakakuha ng katamtamang iskor, ipinakikita rito na may mahusay silang pagpapalawak ng talasalitaan batay pa rin sa kahulugan ng mga salita dahil sa nakakuha sila ng bahagyang mataas na iskor sa pagsusulit pagkatapos gamitin ang pinagyamang bokabularyo-*video lesson*. Lumabas naman sa result na may tatlo na lamang tagasagot ang di-gaanong mahusay sa pagpapalawak ng talasalitaan batay sa kasingkahulugan. Mapapansin rin na walang nakakuha ng napakababang iskor sa kanilang panapos na pagsusulit. Kapuna-puna na mas tumaas ang bilang ng mga tagasagot na may napakusay at mahusay pagpapalawak ng talasalitaan batay sa kasingkahulugan ng mga salita. Makikita sa resulta ng kanilang panapos na pagsusulit na mas madali para sa mga mag-aaral ang pagtukoy ng kasingkahulugan ng mga salita kung gagamitin ang pinagyamang bokabularyo- *video lesson* ng mga akdang pampanitkan sa pagtalakay ng mga aralin.

Ang pagtukoy sa kasingkahulugan ng mga salita ay mas madaling maunawaan ng mga mag-aaral sapagkat mas madalas nila itong ginagamit o naririnig, tumugma ito sa pahayag ni Dinglasan na nabanggit sa pag-aaral ni Ayala (2014) na mahalaga ang pagpapakahulugan ng mga salita sa pagpapahayag sa mga kaisipan. Ang pagtukoy sa wastong kahulugan ng mga salita ay mahalaga sa ganap na pagkaunawa ng talasalitaan at ang dalawa nito ay sa pamamagitan ng: una, pagkilala sa kahulugang tahas at kahulugang patalinghaga o pahiwatig, pagkilala sa mga kaugnayan ng mga salitang nabibilang sa ilalim ng paksa. Ang mga siyentipiko at teknikal na terminolohiya ay may tiyak na katuturan kaya maiiwasan ang di-pagkakaunawaan at pagkakaiba ng interpetasyon. Maaaring makatulong sa mga mag-aaral ang pagtukoy sa kasingkahulugan ng mga salita sa pamamagitan ng *video* lesson sapagkat maaari nila itong balikan muli upang mas maunawaan ang mga salitang nakapaloob dito.

**Talahanayan 9**

*Pagpapalawak ng Talasalitaan ng mga Tagasagot Batay sa Kasalungat*

| Iskor | Pauna | | Panapos | | VI |
|---|---|---|---|---|---|
| | F | % | f | % | |
| 10-12 | 6 | 13.3 | 21 | 46.7 | Napakahusay |
| 7-9 | 16 | 35.6 | 19 | 42.2 | Mahusay |
| 4-6 | 11 | 24.4 | 5 | 11.1 | Di-Gaanong Mahusay |
| 0-3 | 12 | 26.7 | - | - | Di Mahusay |
| **Kabuuan** | **45** | **100.0** | **45** | **100.0** | |

Ipinakikita sa Talahanayan 9 ang iskor ng mga tagasagot sa pagpapalawak ng talasalitaan bago at pagkatapos gamitin ang pinagyamang bokabularyo-*video lesson* ng mga akdang pampanitikan batay sa kasalungat. Anim na mga tagasagot mula sa kabuuang limampung (50) tagasagot ang nakakuha ng mataas na iskor sa kanilang paunang pagsusulit o *pre-test* at nangangahulugang may iilan na mag-aaral ang may napakahusay ng pagpapalawak ng talasalitaan batay sa kasalungat ng salita. Napakahusay nila dahil sa batid nila ang wastong kasagutan sa kasalungat ng mga salita. Samantalang 16 na tagasagot ang may

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 9| Issue: 8| August 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188

mahusay na pagpapalawak ng talasalitaan batay sa kasalungat dahil nakakuha sila ng bahagyang mataas na iskor sa pagsusulit. May ilan sa mag-aaral ang may di-gaanong mahusay pagtukoy ng kasalungat ng mga salita dahil sa mababang iskor na nakuha sa pagsusulit at nangangahulugan itong hindi pa sapat ang kaalaman nila sa kasalungat na kahulugan ng mga salita. Marami pa rin mag-aaral ang nahihirapan pa sa aralin sapagkat batay sa kanilang iskor ay marami-rami pa rin ang mga hindi nakakaunawa ng kasalungat ng mga salita. Sa kanila namang panapos na pagsusulit ay mapapansin na umakyat sa bilang na 21 tagasagot ang nakakuha ng iskor na 10-12, nangangahulugang tumaas ang bilang ng may napakahusay sa pagpapalawak ng talasalitaan batay sa kasalungat ng mga salita na nangangahulugang mas naunawaan nila ang aralin pagkatapos gamitin ang *video lesson*. Kapuna-puna na iilan na lang ang mag-aaral ang di-gaanong mahusay sa pagtukoy ng kasalungat ng mga salita, mapapansin rin na walang nakakuha ng napakababang iskor. Nagpapatunay ito na karamihan sa mga mag-aaral ay naunawaan na ang mga salita sapagkat lubos na tumaas ang kanilang iskor sa pagpapalawak ng talasalitaan batay sa kasalungat na kahulugan pagkatapos nilang gamitin ang pinagyamang bokabularyo- *video lesson*, makikita ito sa resulta ng kanilang panapos na pagsusulit. Mahalagang nauunawaan nang nabuti ng mga mag-aaral ang kahulugan ng mga salita upang matukoy nito ang kasalungat, sa pag-aaral nina Agapito, Manahan, Moreno, Beraquit, Herras & Mercedes (2020), isinagawa nila ang implementasyon at pagsubok ng Ibigkas! Filipino, isang kolaboratibo at *mobile phone-based*, *drill-and-practice game* na tumutulong sa mga mag-aaral na magkaroon ng kahusayan sa pagtukoy ng mga kasingkahulugan at kasalungat ng mga salita sa Wikang Filipino. Nagpahayag ng interes ang mga mag aaral na mapagbuti ang kanilang kaalaman sa Wikang Filipino. Ang mga marka ng pag-unawa ng kasingkahulugan at kasalungat ng salita ay naging mabuti sa pangkalahatan. Ang isang makabuluhang pagpapabuti sa mga marka ng post-test ng mga mag-aaral ng Grade 4 ay nakuha. Ipinapahiwatig nito kung paano maaaring nakatulong ang laro na mapabuti ang mga marka ng mga nakababatang mag-aaral. Ang pagiging bukas nila sa pagtatanong tuwing nadama nilang nawala sila ay maaaring nakatulong dito dahil kahit papaano ay nakakuha sila ng *feedback*. Kaya naman malaking tulong ang *video lesson* sapagkat nakapaloob dito ang mga salitang maaaring makasagabal sa pagkatuto at ito ay nabigyan ng kahulugan upang lubos na maunawaan ang aralin.

**Talahanayan 10**

*Pagpapalawak ng Talasalitaan ng mga Tagasagot Batay sa Kontekstong Gamit sa Pahayag*

| Iskor | Pauna | | Panapos | | VI |
|---|---|---|---|---|---|
| | f | % | f | % | |
| 10-12 | 2 | 4.4 | 34 | 75.6 | Napakahusay |
| 7-9 | 27 | 60.0 | 10 | 22.2 | Mahusay |
| 4-6 | 9 | 20.0 | 1 | 2.2 | Di-Gaanong Mahusay |
| 0-3 | 7 | 15.6 | - | - | Di Mahusay |
| **Kabuuan** | **45** | **100.0** | **45** | **100.0** | |

Ipinakikita sa Talahanayan 10 ang iskor ng mga tagasagot sa pagpapalawak ng talasalitaan bago at pagkatapos gamitin ang pinagyamang bokabularyo-*video lesson* ng mga akdang pampanitikan batay sa kontekstong gamit sa pahayag. Ibinatay ang resulta mula sa iskor na kanilang nakuha mula sa pauna at panapos na pagsusulit at pagkatapos ay nilapatan ng kaukulang interpretasyon. Batay sa resulta ng paunang pagsusulit, dalawa lang mag-aaral ang nakakuha ng mataas na iskor, nangangahulugang marami pang mag-aaral ang nangangailangan ng pagpapaunlad ng kasanayan sa pagpapalawak ng talasalitaan. Ang dalawang mag-aaral ay maituturing na napakahusay sa pagtukoy ng wastong kahulugan ng salita batay sa kontekstong gamit sa pahayag. Napakahusay nila dahil batid nila ang kahulugan ng mga salitang ginamit sa pangungusap. Bagama't may 27 mga mag-aaral ang nakakuha ng katamtamang iskor, nangangailangan pa rin ng sila ng pagpapaunlad sa talasalitaan. Mayroong naman siyam na tagasagot ang nakakuha ng apat hanggang anim na puntos na nangangahulugang sila ay mas nangangailangan ng gabay ng guro sa tulong ng paggamit ng nabuong *video-lesson* ng mananaliksik upang mas mapalawak ang kanilang talasalitaan ayon sa kontekstong gamit sa pahayag. May pitong tagasagot ang kabilang sa nakakuha ng pinakamababang iskor, ipinapakita dito na marami sa kanila ay wala pang kaalaman sa aralin o pagbibigay ng kahulugan batay sa kontekstong gamit sa pangungusap. Sa kanila namang panapos na pagsusulit ay mapapansin na may umakyat sa bilang na 34 tagasagot ang nakakuha ng pinakamataas na iskor, nangangahulugan itong dumami ang napakahusay na pagpapalawak ng talasalitaan batay sa kontekstong gamit sa pahayag. Mayroon na lang sampung tagasagot ang nakakuha ng bahagyang mataas na iskor sa pagsusulit. Kapuna-puna naman na may isang tagasagot lang ang di-gaanong mahusay, nangangahulugan lamang ito na hindi pa sapat ang kanyang kaalaman sa kontekstong gamit sa pahayag. Mapapansin rin na walang nakakuha ng napakababang iskor sa kanilang panapos na pagsusulit. Mapapansin na mas tumaas ang bilang ng mga tagasagot na may napakusay at mahusay na pagpapalawak ng talasalitaan batay sa kontekstong gamit sa pahayag pagkatapos nilang gamitin ang pinagyamang bokabularyo-*video lesson* na makikita sa resulta ng kanilang panapos na pagsusulit.

Lumalabas sa pag-aaral na matapos gamitin ang *video lesson* maraming mag-aaral ang nakakuha ng pinakamataas na iskor sapagkat mas nauunawan ng mga mag-aaral ang mga salitang ginamit sa kontekstong gamit sa pahayag pagkatapos ng pagsusulit. Tumugma ito sa paliwanag ni Baisa et.al (2015) na ang mabisa, malinaw at mkatwiran na pagpapahayag ay naipapahayag sa maayos na pag-uugnayan ng mga salita, parirala at pangungusap. Mahalaga sa pagpapahayag ang pagpili ng mga salitang gagamitin upang higit itong maging malinaw sa lahat ng babasa. Mas mapauunlad pa ng mga mag-aaral ang husay nila sa pagpapalawak ng talasalitaan sapagkat ang *video lesson* ay naglalaman ng mga salitang makatutulong sa pag-unawa ng aralin.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 9| Issue: 8| August 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 11**
*Makabuluhang Kaugnayan ng Antas ng Pagtanggap ng mga Tagasagot sa Pinagyamang Bokabularyo- Video Lesson ng mga Akdang Pampanitikan sa Pagpapalawak ng Talasalitaan.*

| Pinagyamang Bokabularyo-Video Lesson | Pagpapalawak ng Talasalitaan | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Denotatibo | Konotatibo | Kasingka-hulugan | Kasalungat | Gamit sa Pahayag |
| Nilalaman | .224 | .353* | .038 | .262 | .124 |
| Pagkakabuo ng Iskrip | .166 | .241 | .184 | .453** | .166 |
| Screen Display (Text) | .069 | .303* | .110 | .303* | .089 |
| Visual Presentation (Non-Text) | .075 | .173 | .091 | .314* | .173 |
| Audio/Sound Effects | .100 | .411** | .100 | .375* | .114 |

***. Correlation is significant at the 0.01 level (2-tailed).*
**. Correlation is significant at the 0.05 level (2-tailed).*

Ipinakikita sa resulta ng Talahanayan 11 ang antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa pinagyamang bokabularo-*video lesson* ng mga akdang pampanitikan batay sa nilalaman ay walang makabuluhang kaugnayan sa pagpapalawak ng talasalitaan batay sa denotatibo, kasingkahulugan, kasalungat, kontekstong gamit sa pahayag samantalang mayroon namang makabuluhang kaugnayan ang nilalaman sa konotatibo na may .353 *r-value*. Nangangahulugan na batay sa resulta ng pag-aaral ay mayroon pa rin kaugnayan ang pagtanggap ng mga tagasagot sa pinagyamang bokabularyo-*video lesson* ng mga akdang pampanitikan batay sa nilalaman sa pagpapalawak ng talasalitaan.

Lumabas sa resulta ng antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa pinagyamang bokabularo-*video lesson* ng mga akdang pampanitikan batay sa pagkakabuo ng iskrip ay walang makabuluhang kaugnayan sa pagpapalawak ng talasalitaan batay sa denotatibo, konotatibo, kasingkahulugan at kontekstong gamit sa pahayag. Samantalang mayroong makabuluhang kaugnayan sa pagkakabuo ng iskrip ang pagpapalawak ng talasalitan batay sa kasalungat na may .453 *r-value* pagkatapos gamitin ang pinagyamang bokabularyo-*video lesson* ng mga akdang pampanitikan. Nangangahulugan na may kaugnayan ang pagtanggap ng mga tagasagot sa pinagyamang bokabularyo-*video lesson* ng mga akdang pampanitikan batay sa pagkakabuo ng iskrip sa pagpapalawak ng talasalitaan.

Mula naman sa resulta ng antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa pinagyamang bokabularo-*video lesson* ng mga akdang pampanitikan batay sa *screen display (text))* ay walang makabuluhang kaugnayan sa pagpapalawak ng talasalitaan batay sa denotatibo, kasingkahulugan at kontekstong gamit sa pahayag. Makikita naman batay pa rin sa *screen display (text)* na mayroong makabuluhang kaugnayan sa pagpapalawak ng talasalitaan batay sa konotatibo na may .303 *r-value* at kasalungat na may .303 *r-value*. Nangangahulugan na may kaugnayan ang pagtanggap ng mga tagasagot sa pinagyamang bokabularyo-*video lesson* ng mga akdang pampanitikan batay sa *screen display (text*) sa pagpapalawak ng talasalitaan.

Ipinakikita naman sa resulta ng antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa pinagyamang bokabularo-*video lesson* ng mga akdang pampanitikan batay sa *visual presentation (non-text)* ay walang makabuluhang kaugnayan sa pagpapalawak ng talasalitaan batay sa denotatibo, konotatibo, kasingkahulugan at kontekstong gamit sa pahayag. Kapansin-pansin naman na mayroong makabuluhang kaugnayan sa visual presentation (non-text) ang pagpapalawak ng talasalitan batay sa kasalungat na may .314 *r-value*. Nangangahulugan na may kaugnayan ang pagtanggap ng mga tagasagot sa pinagyamang bokabularyo-*video lesson* ng mga akdang pampanitikan batay sa *visual presentation (non-text)* sa pagpapalawak ng talasalitaan pagkatapos gamitin ang pinagyamang bokabularyo-*video lesson* ng mga akdang pampanitikan.

Ayon sa kinalabasan ng antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa pinagyamang bokabularo-*video lesson* ng mga akdang pampanitikan batay sa *audio/sound effects* ay walang makabuluhang kaugnayan sa pagpapalawak ng talasalitaan batay sa denotatibo, kasingkahulugan at kontekstong gamit sa pahayag. Makikita naman na mayroong makabuluhang kaugnayan sa *audio/sound effects* ang pagpapalawak ng talasalitan batay sa konotatibo na may .411 *r-value* at kasalungat na may .375 *r-value*.

Nangangahulugan na may kaugnayan ang pagtanggap ng mga tagasagot sa pinagyamang bokabularyo-*video lesson* ng mga akdang pampanitikan batay sa *audio/sound effects* sa pagpapalawak ng talasalitaan. Batay sa kabuuang resulta ay lumalabas na mayroong makabuluhang kaugnayan ang antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa pinagyamang bokabularyo-*video lesson* ng mga akdang pampanitkan sa pagpapalawak ng talasalitaan. Nangangahulugan na hindi tinatanggap ang nabuong *null hypothesis*.

Makikita na lubhang tumaas ang iskor ng mga mag-aaral sa pagpapalawak ng talasalitaan sapagkat ginamitan ito ng *video lesson* na naglalaman ng mga salitang naging gabay upang maunawaan ang kahulugan ng mga salitang maaaring naging hadlang sa pag-unawa sa aralin. Tumugma rin ito sa pag-aaral ni Sansebuche at Carada (2022) sapagkat nagkaroon ng makabuluhang kaugnayan ang likhang larong Pic Isip sa pagpapakahulugang Denotasyon at Konotasyon sa pagpapayaman ng talasalitaan ng mag-aaral. Ito ay nangangahulugang lubos na nakatulong ang paggamit ng Pic Isip upang maunawaan ng mga mag-aaral ang kahulugan ng talasalitaan. Ang likhang larong *Use it* naman ay nagkaroon ng makabuluhang kaugnayan sa Kontekstwal na pagpapakahulugan ng mga tagasagot. Ang paggamit ng mga larawan at ang kalayaang ibinigay sa mga respondante na makabuo ng pangungusap batay sa kanilang nakikita ay lubos na nakatulong upang matukoy nila ang angkop na kahulugan ng isang salita

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 9| Issue: 8| August 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188

batay sa kung paano ito ginamit sa pangugusap. Ibig sabihin lubos na nakatulong ang mga tunog at larawan sa *Gamification* sa pagpapataas ng antas ng kaalaman ng mga mag-aaral nang gamitin ito sa pagtuturo ng panitikan at pagpapayaman ng talasalitaan. Nangangahulugan lang ito na malaki ang epekto ng paggamit ng mga makabagong kagamitan at teknolohiya sapagkat batay sa pag-aaral ay lubos na nakatulong ang mga tunog at larawan, *screen display* o mga text na lumalabas sa pinagyamang bokabularyo-*video lesson.*

**Talahanayan 12**

*Makabuluhang Pagkakaiba sa Iskor ng mga Tagasagot sa Pagpapalawak ng Talasalitaan Bago at Pagkatapos Gamitin ang Pinagyamang Bokabularyo- Video Lesson ng mga Akdang Pampanitikan.*

| Pagpapalawak ng Talasalitaan | Pauna | | Panapos | | T | df | Sig. (2-tailed) |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Mean | SD | Mean | SD | | | |
| Denotatibo | 5.27 | 1.85 | 10.96 | 1.22 | 21.735 | 44 | .000 |
| Konotatibo | 6.98 | 2.06 | 9.40 | 1.60 | 8.341 | 44 | .000 |
| Kasingkahulugan | 7.80 | 2.27 | 10.22 | 1.80 | 7.603 | 44 | .000 |
| Kasalungat | 5.89 | 2.78 | 9.04 | 2.15 | 8.882 | 44 | .000 |
| Kontekstong Gamit sa Pahayag | 6.62 | 2.60 | 10.47 | 1.47 | 12.349 | 44 | .000 |

Makikita sa resulta ng Talahanayan 12 na may makabuluhang pagkakaiba sa iskor ng mga tagasagot sa pagpapalawak ng talasalitaan bago at pagkatapos gamitin ang pinagyamang bokabularyo- *video lesson* ng mga akdang pampanitikan mula sa dalawang baryabol. Batay sa denotatibo na may mean iskor sa paunang pagsusulit na 5.27 at SD na 1.85 samantalang sa panapos na pagsusulit ay may mean iskor na 10.96 at SD na 1.22, ipinakikita na ito ay may .000 *p-value*. Nagpapahiwatig ito na nagkaroon ng makabuluhang pagtaas sa pagpapalawak ng talasalitaan ng mga mag-aaral batay sa resulta ng kanilang pauna at panapos na pagsusulit. Batay naman sa konotatibo na may mean iskor sa paunang pagsusulit na may mean iskor na 6.98 at SD na 2.06 at sa panapos na pagsusulit na may mean iskor na 9.40 at SD na 1.60, ipinakikita na ito ay may .000 *p-value*. Nagpapahiwatig ito na nagkaroon rin ng makabuluhang pagtaas sa antas ng pagpapalawak ng talasalitaan ng mga mag-aaral batay sa resulta ng kanilang pauna at panapos na pagsusulit. Batay naman sa kasingkahulugan na may mean iskor sa paunang pagsusulit na 7.80 at SD na 2.27 samantalang sa panapos na pagsusulit na may mean iskor na 10.22 at SD na 1.80, ipinakikita na ito ay may .000 *p-value*. Sa kabuuang resulta ng pre-test nakakuha ng mean iskor na 16.340at SD na 2.2822 na samantalang sa post-test ay may mean iskor na 24.600 at SD na 2.4908 at ipinakikita na ito ay may .000 *p-value*. Batay sa kasalungat na may mean iskor sa paunang pagsusulit na 5.89 at SD na 2.78 samantalang sa panapos na pagsusulit ay may mean iskor na 9.04 at SD na 2.15, ipinakikita na ito ay may .000 *p-value*. Nagpapahiwatig ito na nagkaroon ng makabuluhang pagtaas sa pagpapalawak ng talasalitaan ng mga mag-aaral batay sa resulta ng kanilang pauna at panapos na pagsusulit. Batay naman sa kontekstong gamit sa pahayag na may mean iskor sa paunang pagsusulit na may mean iskor na 6.62 at SD na 2.60 at sa panapos na pagsusulit na may mean iskor na 10.47 at SD na 1.47, ipinakikita na ito ay may .000 *p-value*.

Nagpapahiwatig ito na nagkaroon rin ng makabuluhang pagtaas sa antas ng pagpapalawak ng talasalitaan ng mga mag-aaral batay sa resulta ng kanilang pauna at panapos na pagsusulit. Nangangahulugan ito na naging epektibo ang paggamit ng pinagyamang bokabularyo-*video lesson* ng mga akdang pampanitikan sa pagpapalawak ng talasalitaan sapagkat mas higit na tumaas ang kanilang nakuhang iskor sa panapos na pagsusulit pagkatapos itong gamitin.

Samakatuwid Malaki ang epekto ng paggamit ng pinagyamang-*video lesson* upang mapaunlad ang pagpapalawak sa talasalitaan ng mga mag-aaral. Tumutugma ito sa resulta ng pag-aaral ni Saberola (2018), na mayroon ding mahalagang pagkakaiba sa kahinaan ng mga mag-aaral sa Grado 8 sa *pre-test* at *post-test* sa limang pangkat na may kinalabasan na tanggapin ang alternatibong hypothesis.

Inirerekomenda ng mananaliksik ang mga panuto o direksyon sa bawat pagsasanay sa activity enriched workbuk ay dapat siguraduhin na maliwanag upang mas madali itong mainti/ndihan ng mag-aaral. Dapat pang dagdagan ng mga larawan na makakakuha ng ng pansin at makakaakit ng kagustuhan ng mga mag-aaral sa kagamitang pampagtuturo na ginawa. Kaya nararapat din na magsagawa ng iba pang pag-aaral kung saan ang mga kasali ay mula sa una, gitna, at huling pangkat upang mas makita ang epektibo ng buong kagamitan sa pagtuturo. May kaugnayan din ang kinalabasan ng pag-aaral ni de Castro (2015), nabuo ang konklusyon na lubos na sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa Grado 9 na ang *video teaching* ay panibagong lunsaran sa pagkatututo ng gramatika. Ang *video teaching* bilang kagamitang panturo sa gramatika na batay sa kaangkupan ng material, nilalaman, dating sa manonood at orihinalidad ng presentasyon ay lubos na katanggap-tanggap para sa mga gurong tagasagot at nag-ebalweyt. Nagkaroon ng mahalagang pagkakaiba sa pagitan ng *pre-test* at *post test* hinggil sa mga araling pandiwa at pang-abay kung kaya ang *video teaching* ay epektibong kagamitan sa paglinang ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa Grado 9. Ito ay nagpapatunay na ang gagamit ng anumang uri ng kagamitang pampagtuturo ay nakatutulong nang husto upang maunawaan ng mga mag-aaral ang aralin. Lalo na sa modernong panahon ngayon na kung saan gumagamit ang mga mag-aaral ng teknolohiya ay tiyak na makatutulong ang paggamit nila ng pinagyamang bokabularyo-*video lesson* sapagkat maari itong mapanood anumang oras at saan mang lugar. Makapagbibigay ito ng pagkakataon sa mga mag-aaral na mapaunlad ang pagpapalawak ng talasalitaan saan man sila naroroon.

## 4. KONKLUSYON

Batay sa resulta ng pagsusuri, ang mga sumusunod ang konklusyon ng pag-aaral:

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 9| Issue: 8| August 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188

4.1. Napatunayan rin naman sa resulta ng pag-aaral na mayroong makabuluhang pagkakaiba ang iskor sa pagpapalawak ng talasalitaan ng mga tagasagot bago at pagkatapos nilang gamitin ang pinagyamang bokabulary-*video lesson* ng mga akdang pampanitikan.

4.2. Napatunayan naman sa resulta ng pag-aaral na ang antas ng pagtanggap ng tagasagot sa ang pinagyamang bokabulary-*video lesson* ng mga akdang pampanitikan ay mayroong makabuluhang kaugnayan sa pagpapalawak ng talasalitaan.

## REFERENSYA

1. *Agapito, J., Manahan, D. M. A., Moreno, M., Monica, L., Beraquit, J. I., Herras, I. Y., & Mercedes, T. (2020). Development and Field Testing of a MALL for Filipino with a Reusable Framework for Mobile-Based Drills.*
2. *Ayala L. (2014). Epekto ng Kaalamang Bokabularyo sa Pagtalakay ng mga Akdang Panitikang Filipino ng mga Mag-aaral. Southern Luzon State University*
3. *Baisa, Aileen G. et.al. (2015). Pinagyamang Pluma. Quezon City: Phoenix Publishing House, Inc.*
4. *de Castro, M. (2015). Kakayahang Panggramatika ng mga mag-aaral gamit aang Video Teaching bilang kagamitang Panturo sa Grado 9. Southern Luzon State University.*
5. *Fronda, Jr., Q. (2016). Video Graphics Bilang Suplemental na Kagamitang Panturo ng Noli Me Tangere sa Filipino 9. Southern Luzon State University.*
6. *Gilo, S.F. (2018). Vocabulary Comprehension of Grade V Pupils: A Content-Based Module. Southern Luzon State University.*
7. *Olimovna, Toshnazarova (2021) "The Denotative and Figurative Meaning Relations of the Components of Word Combinations" International Journals of Sciences and High Technologies, Urgench State University.*
8. *Ortiz, D. (2014). Kawilihan sa Pag-aaral ng Epiko at Pagtanggap sa Video Bilang Kagamitang Pampagtuturo. Southern Luzon State University.*
9. *Payoyo, J. A., at Ocumen, V. S. (2022). Ang Pagsipat sa Kabisaan ng mga Video Lesson Bilang Kagamitang Pampagtuturo. Kurikulum sa Pagtuturo ng Filipino sa Bagong Normal. Tanza, Cavite, Philippines.7 Eyes Productions Book Publishing.*
10. *Saha, S., S. & Singh, S. (2016). Game Based Language Learning in ESL Classroom: A theoretical perspective. ELT Vibes: International E-Journal for Research in ELT, 2(3), 20-34.*
11. *Sancebuche, M.B. at Carada, I.G. (2022). Gamification Bilang Interaktibong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Akdang Pampanitikan at Pagpapayaman ng Talasalitaan. Laguna State Polytechnic University. San Pablo City Campus.*
12. *Sison, A. D. et al. (2015). Mga Istratehiya ng Guro sa Pagpapalawak ng Talasalitaan sa Wikang Filipino at Marka sa Filipino ng mga Mag-aaral. Southern Luzon State University.*
13. *Yada S. et al. (2022). Proposal of Input Screen Design in Eye Glance Input Interface. In book: HCI International 2022 Posters (pp.79-84)*
*https://www.researchgate.net/publication/361339207_Proposal_of_Input_Screen_Design_in_Eye_Glance_Input_Interface.*

## AUTHOR'S PROFILE



Lourine E. Guinto is a Teacher II at Luis Palad Integrated High School- Division of Tayabas City. She teaches Filipino 9 subject. She finished her Master's Degree at Laguna State Polytechnic University- San Pablo City Campus.